# Gabay sa pagpapatupad ng alituntunin sa pagnenegosyo ng Nitto Group



Talaan ng nilalaman


Mensahe mula sa CEO ······ P.02

I Panimula ······ P.03

II Para sa Pagsasagawa ng mga Etikal at Legal na Pagsunod ······ P.07

III Sistema ng Whistleblower ······ P.11

Pangunahing Patakaran
- 1-1 Paggalang sa Pangunahing Karapatang Pantao ······ P.13
- 1-2 Etika at Pagsunod ······ P.14
- 1-3 Pagkakaiba ng Pampubliko at Pribado ······ P.15
- Hanay ······ P.16

Kaligtasan at Kalidad
- 2-1 Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho ······ P.17
- 2-2 Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ······ P.18
- 2-3 Pangangalaga sa Customer ······ P.19

Paggawa at Pagtatrabaho
- 3-1 Pangangalaga sa Empleyado ······ P.21
- 3-2 Paglikha ng Ligtas at Bukas na Lugar ng Trabaho ······ P.23
- 3-3 Pangangalaga sa Suppliers ······ P.24

Kapaligiran at Lipunan
- 4-1 Pangangalaga sa Kapaligiran ······ P.25
- 4-2 Mga Kontribusyon sa Lipunan ······ P.27

Mga Pag-aari ng Korporasyon at Impormasyon
- 5-1 Pagkontrol ng Dokumento at Datos ······ P.28
- 5-2 Pamamahala ng impormasyon at seguridad ······ P.29
- 5-3 Proteksyon ng mga Pag-aari ng Korporasyon ······ P.31
- 5-4 Pagsunod sa mga Batas ng Buwis at mga Proseso ng Accounting ······ P.32
- 5-5 Pamamahala ng mga Intelektwal na Pag-aari ······ P.33

Mga Ugnayang Panlabas
- 6-1 Pagbabawal sa Panunuhol ······ P.34
- 6-2 Pangangalaga sa Kompetisyon ······ P.37
- 6-3 Pinakamainam na Procurement ······ P.39
- 6-4 Kalakalan at Seguridad ······ P.40
- 6-5 Paglalahad ng impormasyon ······ P.41




# Mensahe mula sa CEO

Ang mga gabay sa pagpapatupad ng mga alituntunin sa Pamamalakad ng Nitto Group (BCG) ay nagsisilbing mga pamantayan para sa lahat ng nagtatrabaho sa Nitto Group sa buong mundo na kumilos alinsunod sa mga batas at etika sa kanilang mga aktibidad sa negosyo.

Sa kasalukuyan, ang mga korporasyon ay inaasahang magsagawa ng mga mataas na antas na pagsunod, hindi lamang sa usapin ng legal na pagsunod, kundi pati na rin sa pagsasakatuparan ng etika sa negosyo.
Upang matugunan ang ganitong mga ekspektasyon mula sa lipunan, ang bawat isa sa atin sa Nitto Group ay kinakailangang tama ang pagkilos at pagsasagawa. Upang makamit ang layuning ito, nilikha ang BCG gamit ang wikang madaling maintindihan ng kahit sinuman sa mundo.

Upang tiyakin na ang Nitto Group ay patuloy na maging korporasyong pinagkakatiwalaan ng lipunan, ipinapangako ko na ako ay mangunguna sa pagsunod sa BCG upang maging halimbawa para sa iba.
Ako ay umaasa na tayo ay magtutulungan para maipatupad ang BCG.



CEO COO
Representative Director, President
**Hideo Takasaki**


# I Panimula

## 1 Paano nauugnay ang The Nitto Way at BCG

Ang Nitto Way at BCG ay inilaan para sa bawat opisyal at empleyado ng Nitto Group (mga direktor, executive officer, empleyado, mga empleyadong pinapadala, part-timer, pansamantalang manggagawa, atbp.).
Nagkakaugnay ang mga ito sa kahulugan dahil ang The Nitto Way ay hanay ng mga pinahahalagahan na nagtatakda sa mga nararapat na mga gawain, ang BCG naman ay "hanay ng mga panuntunan" na dapat sundin.

Sa kasalukuyan, hindi lamang mga batas at regulasyon, kundi pati na rin ang mga tugon sa mga pangangailangan sa lipunan ang bumubuo sa mga patakarang panlipunan.
Isinasapubliko ng Nitto Group kung paano ito tumutugon sa mga pangangailangan sa lipunan sa pamamagitan ng pangunahing polisiya tulad ng "Basic Policy on Sustainability."
Sa pagbabalangkas ng BCG, ang polisiyang ito ay sinunod at isinama sa mga pang-araw-araw na kilos ng bawat isa sa atin.







## 2 Pagtugon sa mga paglabag sa BCG

Sa kurso ng pagsasagawa natin ng negosyo, iba't ibang legal at etikal na poblema ang ating nakakaharap.
Kung nahihirapan kang gumawa ng desisyon, gamitin ang BCG na ito.
Ang sinumang hindi susunod sa BCG ay maaaring bigyan ng parusa batay sa mga lokal na batas at regulasyon, mga patakaran ng Nitto Group o ng mga lokal na kumpanya.

Walang sinuman sa mga opisyal at empleyado ng Nitto Group ang dapat magdirekta sa iba pang mga opisyal, empleyado, representative, o mga kasosyo sa negosyo na magsagawa ng mga kilos na labag sa etika o legal na compliance, o palampasin ang anumang paglabag o pinaghihinalaang paglabag.






# II Para sa Pagsasagawa ng mga Etikal at Legal na Pagsunod

## 1 Kapag nahihirapan na mapatunayan

Kung nahihirapan ka alamin ang tamang aksyon na dapat sundin

Suriin ang iyong mga aksyon gamit ang 8 katanungan na makikita sa "Checklist ng Etika at Integridad" sa P9 para malaman kung tama ang iyung aksyon or hindi






## 2 Channel ng komunikasyon para sa konsultasyon

Kung sakaling mayroong mapansing sumasalungat sa BCG,
o kung may katanungan sa pagsunod, siguraduhing na maipabatid
or magkonsulta sa mga sumusunod

| Tanggapan ng konsultasyon (Sino ang dapat tawagan) | Detalye ng konsultasyon (halimbawa) |
|---|---|
| Iyong superior (manager) | Mga pang-araw-araw na mga aktibidad sa negosyo sa loob ng Nitto Group, atbp. |
| Departamento ng Human Resources / General Administration sa Lokasyon / Grupo ng Kumpanya | Harassment, karapatang pantao / mga issue sa trabaho, atbp. |
| Mga kaugnay na departamento | Legal & Compliance, Safety Control, Quality Control, Procurement, Data Management, Intellectual Property, Accounting / Taxation, Export Controls, atbp. |

Kung hindi nalutas ang problema gamit ang sistema ng komunikasyon sa itaas (manager/tanggapan ng konsultasyon)

Mangyaring gamitin ang Whistleblower System.



## Kung may pag-aalinlangan sa kung anumang bagay, mangyaring suriin ang "Checklist ng Etika at Integridad" sa ibaba.



### ☑ Checklist ng Etika at Integridad

- ☐ Ang akin bang paguugali ay lumalabag sa karapatang pantao ng iba?
- ☐ Ang akin bang pagkilos ay lumalabag sa kahit anong batas o regulasyon?
- ☐ Mas binibigyan prayoridad ko ba ng prayoridad ang pansariling interes higit sa kumpanya?
- ☐ Alinsunod ba ang aking kilos sa Pilosopiya ng Korporasyon ng Nitto Group?
- ☐ Pano malalaman ang aking pag uugali ng mga customer at iba pang kasosyo sa Negosyo?
- ☐ Ano ang mararamdaman ko kapag nakita o narinig ko sa balita ang kilos kagaya ng sa akin sa isang diyaryo?
- ☐ Hindi ba ako mababahala kapag isinagawa ko ang nasabing kilos?
- ☐ Maipapaliwanag ko ba nang may kumpiyansa ang nasabing kilos sa aking pamilya at malalapit na kaibigan?

Kung hindi magawang lagyan ng tsek nang may kumpiyansa ang checklist na ito, mangyaring sumangguni sa iyong mga nakatataas o mga katrabaho.
Bilang karagdagan, may mga sistema ng suporta para sa iba't ibang konsultasyon na ibinabahagi ang Nitto Group kaya mangyaring sumangguni sa mga ito (tingnan ang p8, p11 hanggang p12).

# III Sistema ng Whistleblower

Ang sumusunod ay ang mga **Whistleblower Hotline** ng Nitto Group

**Sa loob ng Nitto Group**

**Sa labas ng kumpanya**

Tingnan ang Compass area site o mga internal na notice sa iyong pinagtatrabahuhan para sa impormasyon sa pakikipag-ugnay.
Maaari kang mag ulat ng hindi nag papakilala

## Mga halimbawa ng mga kaso na tinatanggap sa Whistleblower System


- Malubhang panganib sa buhay, kalusugan at kaligtasan ng ibang tao
- Pakikipag-ugnayan sa mga pwersang anti-sosyal at organisadong krimen. Mga kriminal na aktibidad tulad ng money laundering at pagpopondo ng mga terorista
- Panunuhol, katiwalian, at pakikipagsabwatan
- Insider trading na naglalayon ng personal na pakikinabang gamit ang maling paggamit ng impormasyon ng kumpanya, o kaya mga paghahalo ng personal at pampublikong interes
- Labis na paglibang sa mga kliyente
- Pandaraya na may kaugnayan sa pamamahala ng kalidad/impormasyon (kabilang ang maling pag-uulat ng data ng kalidad at hindi awtorisadong pagkuha ng impormasyon)
- Iba pang mga paglabag sa batas, regulasyon, etika, o interes ng publiko





| Mga hindi dapat iulat | Hindi pagsang-ayon o pagrereklamo tungkol sa natanggap na performance evaluation o pagtrato, paninirang-puri o pagpapakalat ng tsismis tungkol sa iba, pagbibigay ng maling impormasyon tungkol sa iba upang hamakin sila atbp. |
|---|---|



1 Patungkol sa nilalaman ng mga ulat, kung ang kumpanya ay naniniwala na ang insidente ay may paglabag sa etika at compliance, magsasagawa ang kumpanya ng imbestigasyon upang malaman ang katotohanan. Ang mga opisyal at empleyado ay dapat huwag tumanggi at kailangang makipagtulungan sakaling magsimula ang anumang imbestigasyon.



2 Nangangako ang Nitto Group na poprotektahan ang privacy ng whistleblower, at pananatilihing kumpidensyal at hindi ibabahagi sa sinumang hindi kailangan at hindi kasali sa pag-iimbestiga, ang kanyang pangalan at detalye ng kanyang mga sumbong. Gayundin, hindi namin kailanman pahihintulutan ang pagtanggal sa trabaho o iba pang hindi kanais-nais na pagtrato sa whistleblower batay lamang sa katotohanan na iniulat ang kaso na ginawa nito. Huwag mag-alala at huwag mag-atubiling gamitin ang Whistleblower System ng ligtas.



## Pangunahing Patakaran 1-1

# Paggalang sa Pangunahing Karapatang Pantao


Ang Nitto Group ay nirerespeto ang karapatang pantao batay sa "Basic Policy on Human Rights ng Nitto Group".

1. Iginagalang namin ang mga pangunahing karapatang pantao at pagkakaiba-iba (diversity).

2. Hindi kami sumasang-ayon sa anumang uri ng diskriminasyon batay sa lahi, etnisidad, kulay, paniniwalang pangrelihiyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, nasyonalidad, pamilyang pinagmulan, kapansanan sa pag-iisip at katawan, edad, kalagayang pangkalusugan, kasaysayan ng pag-aasawa, o sa iba pang mga kadahilanan.

3. Sa tuwing may matuklasan kaming pang-aabuso sa karapatang pantao, maging ito ay sa loob ng Nitto Group o sa mga customer o supplier, tulad ng pang-aabuso sa pamamagitan ng human trafficking at imprisonment labor, bonded labor, forced labor, slave labor, o child labor, agad naming iniuulat ito sa aming mga nakatataas o sa departamentong kinauukulan.

4. Ginagalang namin ang mga pangunahing karapatan ng mga manggagawa tulad ng kalayaan sa pakikipagsamahan at karapatang magtipon, pangunahing karapatan sa kolektibong negosasyon, at iba pang batayan ng karapatan ng mga manggagawa.





## Pangunahing Patakaran 1-2


# Etika at Pagsunod

Ang Nitto Group ay sumusunod sa mga batas, regulasyon at alituntunin ng korporasyon at kumikilos nang etikal at sa taospuso na pamamaraan.

1. Mananatili kami sa pagsunod sa mga batas at mga patakaran ng mga bansa at rehiyon na kinauugnayan ng aming negosyo, at gayundin sa aming mga alituntunin sa korporasyon.

2. Ipinagbibigay-alam namin sa buong Nitto Group ang mga alituntunin sa korporasyon na pinamamahalaan ng aming departamento. At kapag may pagbabago sa mga batas at regulasyon o pagbabago sa mga gawain sa negosyo ng organisasyon, agaran naming ia-update ang panloob na mga patakaran ng korporasyon.

3. Kung sakaling nahihirapan kaming gumawa ng desisyon batay sa mga batas, regulasyon o alituntunin ng korporasyon, agad naming iuulat ito sa aming nakatataas o sa departamento na namamahala dito.



*Ang mga alituntunin ng korporasyon ay tumutukoy sa mga patakaran, regulasyon, panuntunan, alituntunin, manwal, mga brochure, pamamaraan at pamantayan. Ang mga pangalan ay maaaring magkakaiba depende sa bawat grupo ng kumpanya o departamento, kaya ang mga alituntunin na naaangkop sayo ay kumpirmahin muna.

Pangunahing Patakaran 1-3


# Pagkakaiba ng Pampubliko at Pribado

Hindi pahihintulutan ng Nitto Group ang paggamit ng posisyon nito bilang isang kumpanya para makakuha ng personal na interes.

1. Bago pumasok sa negosyo na may transaksyon sa mga customer o supplier kung saan ang aming mga kamag-anak o kaibigan nagtatrabaho, o pagpapatrabaho ng mga kamag-anak o kaibigan, kukunsultahin namin ang aming nakatataas at kukuha ng pag-apruba para sa pagiging angkop at saklaw ng kanilang paglahok.
2. Kukuha muna kami ng proseso ng pagsang-ayon bago tumanggap ng personal na kabayaran mula sa labas ng kumpanya bilang kabayaran sa pagbigay ng lecture o iba pang serbisyo, o paglilingkod bilang isang opisyal o empleyado ng ibang samahan o organisasyon na may kaugnayan sa aming negosyo.
3. Hindi kami makikibahagi sa mga taong nanghihingi para sa mga aktibidad ng mga pangrelihiyon o pampulitika, o humiling ng regalong ibibigay, o magpapahiram o hihiram sa kanila ng malaking halaga ng pera sa pagitan ng indibiduwal sa lugar ng trabaho.
4. Hindi namin gagamitin ang mga ari-arian ng korporasyon, kabilang ang mga gamit sa opisina at gastusin, para sa personal na mga layunin.
Hindi kami magsasagawa ng mga pribadong usapan o pribadong tawag sa telepono na makakaapekto sa trabaho, o paggamit ng mga PC o mga email na walang kaugnayan sa mga gawain sa negosyo.
5. Hindi kami makikisangkot sa insider trading o anumang iba pang kahina-hinalang pag-trade ng stocks.



Hanay




Ang mga Alituntunin sa Pamamalakad sa Negosyo ng Nitto Group ay binubuo ng anim na malawak na kabanata na dapat sundin ng lahat ng mga manggagawa, anuman ang kanilang posisyon, klasipikasyon sa trabaho, o mga uri ng trabaho. Sa partikular, ang "Batayang Prinsipyo" ang pinakabatayan at pinakamahalagang pamantayan sa pag-uugali ng Nitto Group.
Ang iba pang limang kabanata kasama dito ang mga aytem na walang derektang kaugnayan sa trabaho. Gayunpaman, ang Nitto Group ay nakikiusap na sundin ninyo ang mga pamantayan ng pagkilos na ito kapag naharap sa mga sitwasyong nangangailangan ng inyong mga sariling aksyon.

Kaligtasan at Kalidad 2-1

# Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho

Batay sa "Basic Policy on Occupational Safety and Health," at sa ilalim ng paniniwalang "Kaligtasan ang Prayoridad," ang Nitto Group ay may layunin na ibaba sa zero ang mga aksidente at pinsala sa lugar ng trabaho.

1. Susunod kami sa mga batas at regulasyon, at alituntunin ng korporasyon na may kaugnayan sa pamamahala sa kontrol ng kaligtasan.
2. Susuriin namin ang aming lugar ng trabaho kung may panganib na pangkaligtasan at magsisikap na pagagaanin sakaling mayroon mang panganib.
3. Kami ay magrereport sa aming boss o sa kinauukulan na departamento kapag mayroong insidente o sakunang naganap, o kung mayroon kaming napansing kahina-hinala o senyales na may kinalaman sa pamamahala ng kaligtasan.






Kaligtasan at Kalidad 2-2

# Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

Batay sa "Pangunahing Patakaran sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho," ang Nitto Group ay lumilikha ng isang ligtas at malinis na lugar ng trabaho kung saan ang lahat ay maaaring magtrabaho nang walang pangamba.

1. Sumusunod kami sa mga batas, regulasyon at mga patakaran ng korporasyon na may kaugnayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho.
2. Magsusumikap kami upang mapanatili ang aming sariling kalusugan sa pag-iisip at bigyan ng konsiderasyon ang kalusugan ng aming mga kasamahan sa pinagtatrabahuhan. Hindi namin pipilitin ang iba na magtrabaho ng labis o pwersahang mag-overtime.
3. Hindi kami iinom ng alak, magtataglay o gagamit ng ilegal o kinokontrol na mga gamot na isinasapanganib ang kaligtasan sa lugar ng trabaho.



Kaligtasan at Kalidad 2-3

# Pangangalaga sa Customer


Batay sa "Pangunahing Patakaran sa Kalidad," ang Nitto Group ay magbabahagi ng mga produkto at serbisyo na nagbibigay sa mga customer ng kapayapaan ng isip, kaligtasan, at kasiyahan sa mga customer.

1. Susundin namin ang mga batas, regulasyon, at alituntunin ng korporasyon na may kaugnayan sa mga pamantayan ng kalidad ng mga produkto at serbisyo, gayundin ang mga bagay na ipinangako sa mga customer.

2. Sa bawat yugto, mula sa pagbuo ng mga produkto at serbisyo hanggang sa pagbebenta ng mga produkto sa merkado, susuriin at titiyaking itama kung may mga kakulangan sa kontrol ng kalidad at dokumentasyon ng produkto.

3. Kung aming napag-alaman ang aksidente o problemang may kaugnayan sa kontrol ng kalidad o mga senyales nito, o kung may hinala kami tungkol sa pagkokontrol ng kalidad, agad naming iuulat ang insidente sa aming nakatataas o sa departamento na namamahala.


4. Sa panahon ng buong proseso, mula sa yugto ng pagbuo ng produkto hanggang sa produksyon, pagsusuri, at yugto ng pagpapadala, hindi kami magsasagawa ng pagsisinungaling, pagbabago, o pagtanggal sa mga data ng kontrol sa kalidad.






## Mga Paksa

Upang makapagbigay ng ligtas at may mataas na kalidad na mga produkto sa aming mga customer, Mangyaring tandaan ang mga sumusunod na usapin:



Ang nilalaman at katangian ng produkto o serbisyo ay dapat ipabatid nang tama sa mga customer. Ang iba't ibang mga data at dokumento na sumusuporta sa nilalaman at katangian nito ay maingat na pamahalaan.



Ang mga detalye tulad ng pamamaraan paggawa at/o mga materyales na ipinangako sa mga customer ay hindi dapat baguhin nang walang pahintulot ng mga ito, kahit na "ito ay para sa kapakanan ng customer."




Dapat nitong linawin na iwasan ang mga hakbang na gagawin upang maiwasan ang palsipikasyon, pagbabago, pagtanggal sa mga tala ng mga data ng pagsusuri sa kalidad at performance ng produkto.

Paggawa at Pagtatrabaho 3-1

# Pangangalaga sa Empleyado

Batay sa "Basic Human Resources Management Policy," ang Nitto Group ay lumilikha ng isang lugar ng trabaho kung saan ang bawat empleyado ay maaaring makatanggap ng patas na pagsusuri at makapagtrabaho sa maayos na paraan.

1. Susundin namin ang mga batas sa paggawa, mga kontrata sa pagtatrabaho at mga regulasyon sa pagtatrabaho.
2. Hindi kami makikibahagi sa anumang anyo ng paggawa na may kaugnayan sa human trafficking, pwersahang paggawa o "forced labor", "bonded labor", "slave labor", o sa mga batang manggagawa.
3. Hindi kami gagawa ng kasiraan sa dignidad ng aming katrabaho, tulad ng mga hindi makataong pagkilos, harassment o hindi patas na pagtrato na lalabag sa kanilang karapatang pantao.



## Mga Paksa

Sa mga nakalipas na taon, tumataas ang interes sa mga karapatang pantao sa paggawa hindi lamang sa mga customer, kundi pati na rin sa mga stakeholder. Partikular na inaasahan ang aktibong pagkilos ng mga kumpanya upang maiwasan ang forced laber, paggawang may kaugnayan sa human trafficking, forced labor, slave labor, at child labor. Sa panahon ng pagtanggap sa trabaho, mahalagang maingat na ipaliwanag ang mga kondisyon sa paggawa at iba pang kinakailangang impormasyon sa mga aplikante.


| | |
|---|---|
| Forced labor | Ito ay tumutukoy sa sapilitang pagpapagawa sa isang manggagawa laban sa kanyang kagustuhan gamit ang mga paraan tulad ng pang-aabuso, pagbabanta, pagkakulong, o iba pang mga paraan tulad ng hindi makatarungang pagpigil sa kanyang mental o pisikal na kalayaan, at pati na rin ang pagpapatrabaho sa kanya ng mga uri ng trabaho na iba sa napagkasunduan. May pagkakataon din ang customer mismo ang pumupuna sa labis na overtime (overtime na labis sa itinakda sa batas o sa kasunduan sa paggawa). |
| Paggawang may kinalaman sa human trafficking | Ito ay sapilitang paggawa sa ilalim ng kontrol ng iba dahil sa karahasan, pagbabanta, pagkidnap, pandaraya, o pagsasamantala sa kahinaan (kabilang ang pagbabayad ng malaking halaga ng recruitment fee). |
| Slave labor | Ito ay pagkumpiska ng orihinal na identification card ng mga manggagawa, paghihigpit sa kanilang pagkilos nang walang makatwirang dahilan, o pagkuha ng kanilang kalayaan upang sila ay pagtrabahuhin, o pagpapatrabaho sa kanila sa ilalim ng kontrol ng ibang tao. Kabilang din dito ang sadyang pagtatago at pag-ipon ng employer ng bahagi o kabuuan ng sahod ng mga manggagawa, pati na rin ang hindi pagbibigay ng kaukulang sahod na katumbas ng kanilang pinagtrabahuhan. |
| Child labor | Ito ay tumutukoy sa mga kaso kung saan ang mga menor de edad ay pinilit na magtrabaho at paghahadlang sa kanilang makatanggap ng obligadong edukasyon, o ang pagpapagawa ng mga mapanganib o nakapipinsalang trabaho sa mga taong wala pang 18 taong gulang. |

# Paglikha ng Ligtas at Bukas na Lugar ng Trabaho

Batay sa "Basic Human Resources Management Policy," ang Nitto Group ay lilikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga empleyado ay nagpapakita ng paggalang at nagtutulungan ang bawat isa.

1. Magsisikap kami upang maitaguyod ang maayos na operasyon ng aming negosyo sa pamamagitan ng tamang komunikasyon sa lugar ng trabaho.

2. Magsisikap kami na panatilihin ang aming lugar ng trabaho na kung saan maipapakita ng lahat ang kakayanan ng bawat isa na may respeto sa pagkakaiba ng pinapahalagahan, pananaw, at paraan ng pag iisip ng aming mga empleyado.







# Pangangalaga sa mga Suppliers

Ang Nitto Group ay kumukuha ng mga materyales na naayon sa "Basic Policy on Procurement'" kung saan ang lugar ng trabaho ay may respesto sa karapatan ng mga manggagawa at pati na rin ang kaligtasan ng nasa kapaligiran nito. Inaasahan namin sa mga tagapagtustos na sumunod sa "Suppliers' Code of Conduct."

1. Inaatasan namin ang aming mga supplier na sundin at respetuhin ang "Supplier Code of Conduct" na naglalaman ng mga panuntunan tungkol sa paggalang sa karapatan ng mga manggagawa, pangangalaga sa kaligtasan ng kanilang kapaligiran sa trabaho, pagsunod sa mga batas ng paggawa, at pagkakaroon ng pang-unawa at may respetong pakikitungo sa mga dayuhang manggagawa.

2. Hinihiling namin sa lahat ng mga kasosyo sa negosyo hindi lang sa mga supplier na unawain at respetuhin ang mga probisyong nakapaloob sa "Supplier Code of Conduct" kung kinakailangan.

## Mga Paksa

Tumaas ang pandaigdigang kritisismo laban sa mga kumpanya na bumibili ng mga produkto at serbisyo na ginawa gamit ang forced labor o child labor, etc. Hindi lamang para sa mga kumpanya sa Nitto Group, kundi pati na rin sa aming mga supplier na ipagbawal ang forced labor, paggawang may kinalaman sa human trafficking, prison labor, slave labor, at child labor. Hinihiling namin sa mga supplier na sumunod sa mga batas at regulasyon na nagtatakda sa pamamahala ng oras ng trabaho at pagbabayad ng sahod sa mga kaukulang bansa at rehiyon, at magsagawa ng mga hakbang para sa kaligtasan at kalinisan sa trabaho. Hangga't maaari ay mangyaring ipatupad ang mga ito, hindi lamang sa mga supplier, kundi pati na rin sa iba pang mga kasosyo sa negosyo at mga agency ng pagpapadala ng mga manggagawa.

Kapaligiran at Lipunan 4 -1

# Pangangalaga sa Kapaligiran

Ang Nitto Group ay nag-aambag sa pagbuo ng isang napapanatiling lipunan sa pamamagitan ng pagbabawas ng epekto nito sa kapaligiran alinsunod sa "Basic Policy on Environment.".

1. Susunod kami sa mga batas at regulasyon, at patakaran ng korporasyon sa kapaligiran upang mabawasan ang epekto nito sa ating kapaligiran.
2. Susundin namin ang patakaran ng korporasyon na may kinalaman sa pamamahala ng mga basura, emisyon, at paagusan, at magbawas ng epekto sa kalikasan.
3. Magsisikap kami na makamit ang aming mga layunin sa pamamagitan ng pagpili ng mga paraan tulad ng pagtitipid ng enerhiya at epektibong paggamit ng kuryente at gasolina, o ang paggamit ng mga enerhiya na nagpapababa ng emisyon ng greenhouse gas.
4. Magsusumikap kami tungo sa pagkamit ng aming mga layunin na may kaugnayan sa konserbasyon at muling paggamit ng tubig at protektahan ang yamang tubig.
5. Inaasahan namin sa aming mga supplier ang pagsunod sa mga regulasyon sa kapaligiran at mabawasan ang epekto nito alinsunod sa "Suppliers' Code of Conduct."




## Mga Paksa

Ang mga batas at regulasyon na may kinalaman sa kapaligiran ay lubhang kumplikado, ngunit ang mga opisyal at mga empleyado ay inaasahan na maunawaan ang mga batas at regulasyon na naaangkop sa larangan ng inyong negosyo. Kung may kinalaman ang iyong trabaho sa environmental waste o greenhouse gases, o ng pagsukat, pagtatala at pag-uulat ng mga ito, dapat na sumunod ka nang tapat sa mga regulasyon sa kapaligiran, makuha at mapanatili ang kaugnay na mga permiso at lisensya.

Kapag nag-uulat sa mga awtoridad o sa mga customer, mahalagang gawin itong tama at sa kumpletong paraan, at saklawin ang lahat kinakailangang impormasyon.

Ang Nitto Group ay gumagamit ng green procurement upang gumawa ng mga produkto na sumusunod sa mga regulasyon sa kapaligiran, tulad ng mga bagay na naglalaman ng kemikal na mga sangkap. Bukod dito, hinihiling namin sa aming mga supplier na sumunod sa mga regulasyon sa kapaligiran at bawasan ang epekto sa kapaligiran ayon sa itinakda sa "Supplier Code of Conduct."

Kapag sa tingin mo na ang mga batas at regulasyon sa kapaligiran ay nilabag, o kung napansin mo ang anumang pagtatangka na itago ang ganitong ilegal na kilos, mangyaring makipag-ugnay sa iyong mga nakatataas o anumang channel ng komunikasyon.



Kapaligiran at Lipunan 4-2

# Mga Kontribusyon sa Lipunan

Ang Nitto Group ay nag-aambag sa lipunan sa pamamagitan ng Negosyo nito upang itaguyod and pagkikiisa sa komunidad.

1. Kami ay makikipagtulungan sa lokal at internasyonal na komunidad upang harapin ang mga isyung kinakaharap at tumulong sa pagsulong ng lipunanan sa pamamagitan ng aming mga gawain sa negosyo, kabilang ang pagbibigay ng mga produkto at serbisyo.
2. Kapag magbibigay kami ng mga donasyon, sinusuri namin ang mga katangian ng tatanggap ng donasyon at susunod sa mga batas at regulasyon, at alituntunin ng korporasyon na may kaugnayan sa pagbibigay ng mga donasyon.
3. Kami ay walang ugnayan sa kahit anumang kinabibilangan ng mga antisocial na puwersa, organisadong krimen, money laundering, at sa mga gawain na nagbibigay ng pondo para sa terorismo o anumang uri ng kriminal na gawain.
4. Kung may nangyaring sakuna, epidemya o magkatulad na kaganapan, kami bilang mga miyembro ng lipunan, ay makikipagtulungan kasama ang mga tao sa komunidad para sa pagbawi at muling pagbangon.






Mga Pag-aari ng Korporasyon at Impormasyon 5-1

# Pagkontrol ng Dokumento at Datos

Ang Nitto Group ay tinitiyak ang angkop na pamamahala ng mga dokumento at datos.


1. Hindi kami gagawa o kukuha ng anumang mga dokumento na maaaring magdulot ng di pagkakaintindihan sa labas ng kumpanya. Gayundin, hindi kami kukuha ng impormasyon sa pamamagitan ng hindi naaangkop na paraan.
2. Pangangasiwaan namin nang wasto ang mga dokumento at datos na aming nagawa o nakuha sa panahon ng aming mga aktibidad sa negosyo ayon sa itinakdang panahon ng pag-iimbak batay sa mga alituntunin ng korporasyon.
3. Kung magkaroon ng mga problema ukol sa batas o etika, hindi kami magdedesisyong magtapon ng mga dokumento o magbura ng datos sa ilalim ng aming pagpapasya.
4. Mag dodokumento kami ng mga proseso ng paggawa ng desisyon gayundin ang proseso na humahantong sa pag desisyon at pangangasiwaan namin ang mga dokumento sa naaangkop na paraan.



# Pamamahala ng impormasyon at seguridad

Batay sa "Basic Policy on Information Security"
ang Nitto Group ay titiyakin na magpapatupad ng seguridad ng impormasyon.

1. Kami ay mananatiling susunod sa "8 Patakaran sa Seguridad ng Impormasyon".
2. Gagawin namin ang sapat na pag-iingat sa pang-araw-araw na seguridad ng impormasyon sa aming mga gawain. Kung sakaling magkakaroon ng paghihinala ng aksidente sa seguridad o ng cyber attack, agad kaming mag-uulat sa aming mga nakatataas o sa namamahalang departamento.
3. Pamamahalaan namin ang personal na impormasyon sa tamang paraan na naaayon sa saklaw ng layunin ng paggamit nito.
4. Sa oras na kami ay mag-resign sa Nitto Group, ibabalik namin ang mga dokumento at datos kabilang ang impormasyon pag-aari ng Nitto Group.





Keyword

## 8 Patakaran sa Seguridad ng Impormasyon

### 1. Obligasyon ng Pagpapanatili ng Pagiging kumpidensyal ng mga Empleyado
Paglalagay ng marka ng kumpidensyal. Pamamahala mula sa paglikha o pagkuha hanggang sa pagtatapon.

### 2. Paggamit ng mga kagamitang pang-impormasyon
Paggamit ng mga kagamitang ibinigay ng kumpanya na may naipatupad na mga hakbang na pangseguridad.

### 3. Paggamit ng external na storage media.
Paggamit ng naka-encrypt na USB. Pag-iingat sa pagkalat ng impormasyon at pagkahawa ng virus.

### 4. Paggamit ng account
Gawing kumplikado ang password para hindi ito magamit nang walang awtorisasyon.

### 5. Paggamit ng network
Bawal ikonekta ang iyong personal na aparato sa network ng kumpanya; huwag gamitin ang internet para sa mga bagay na hindi kaugnay sa trabaho.

### 6. Paggamit ng e-mail
Pag-encrypt ng kumpidensyal na impormasyon; huwag magbukas ng mga kahina-hinalang email. Dagdag pag-iingat sa pagpapadala ng email sa maling recipients.

### 7. Paggamit ng antivirus
Tiyaking naka-update sa pinakabagong bersyon ang iyong anti-virus software.

### 8. Pagtugon sa mga Insidente sa Seguridad
Iulat kaagad ang kahit anumang insidente.


# Proteksyon ng mga Pag-aari ng Korporasyon

Tinitiyak ng Nitto Group ang wastong pamamahala
ng lahat ng tangible at intangible na mga pag-aari ng Korporasyon.

1. Kapag kukuha o magtatapon ng mga pag-aari, mananatili kami na susunod sa mga patakaran ng Korporasyon at kukuha ng mga kaukulang pahintulot.

2. Kami ay susunod sa mga patakaran tungkol sa bawat uri ng mga pag-aari ng Korporasyon, at naaangkop na pamamahala ng mga tangible at intangible na pag-aari ng Korporasyon.

3. Kinikilala namin na ang tiwalang ibinigay sa kumpanya at ang brand nito ay mahalagang intangible na pag-aari ng kumpanya. Hindi kami makikibahagi sa mga salita o pagkilos na dudulot para masira ang mga ito.








# Pagsunod sa mga Batas ng Buwis at mga Proseso ng Accounting

Ang Nitto Group ay magsasagawa ng angkop na pagproseso ng accounting
at mga batas sa buwis bilang pagsunod sa mga prinsipyo at pamantayan
ng accounting at ng batas sa buwis ng lahat ng bansang kinauukulan.

1. Susunod kami sa mga batas, regulasyon, at patakaran ng kumpanya na may kaugnayan sa proseso ng accounting.

2. Batay sa naaangkop na katibayan ng dokumentaryo, Kami ay magsasagawa ng wastong proseso ng accounting at pagbubuwis.

3. Para sa aming pakikitungo sa pagitan ng mga kagrupong kumpanya, magsasagawa kami ng naaangkop na proseso ng accounting at pagbubuwis batay sa mga dokumentong nagpapatunay ng tamang presyo ng transaksyon, atbp., Kapag mayroon kaming mga katanungan o mga pagdududa tungkol sa mga transaksyon sa pagitan ng mga kagrupong kumpanya, makikipag-ugnayan kami sa aming mga nakatataas o sa isang kaukulang departamento.




# Pamamahala ng mga Intelektwal na Pag-aari

Nauunawaan ng Nitto Group ang kahalagahan ng intelektwal na pag-aari at iginagalang nito ang aming mga karapatan gayundin ang karapatan ng iba.

1. Kami ay namamahala sa mga imbensyon, know-how, at angkop na pansariling teknikal na impormasyon. Lalo na, tuwing may ilalabas at ipapakita na mga teknikong papel sa labas ng kumpanya, titiyakin namin na hindi ito naglalaman ng anumang teknikal na impormasyon na wala sa public domain.

2. Titiyakin namin na hindi namin nilalabag ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari ng ibang tao.








# Pagbabawal sa Panunuhol

Ang Nitto Group ay sinisiguro ang tiwala ng lipunan sa pamamagitan ng pagbabawal sa panunuhol, at sa hindi wastong pagbibigay at pagtatanggap ng mga benepisyo.

1. Susundin namin ang mga batas at regulasyon at mga alituntunin ng kumpanya na nagbabawal sa panunuhol. Gayundin, hindi kami makikipag-ugnayan sa anumang pagkilos na may pinaghihinalaan ng panunuhol.

2. Hindi kami tutugon sa anumang mga kahilingan para padaliin ang pagbabayad (maliit na kabayaran para sa layuning mapabilis ang mga administratibong proseso).

3. Papanatilihin namin ang maayos na ugnayan sa aming mga customer at hindi kami magbibigay ng hindi tapat na kita. Gayundin, hindi kami magbibigay ng entertainment, mga regalo, pagsagot sa mga gastusin sa paglalakbay, donasyon, at iba pang mga kalamangan na maaaring paghinalaan bilang isang panunuhol.

4. Kami ay hindi tatanggap o hihingi ng hindi wastong benepisyo mula sa aming mga supplier. Gayundin, hindi kami tatanggap ng entertainment, mga regalo, pagsagot ng mga gastusin sa paglalakbay, donasyon, at iba pang mga kalamangan na maaaring paghinalaan bilang isang panunuhol.

## Mga Paksa

Habang nagiging mas globalisado ang mga pakikitungo sa Negosyo at dahil sa mga pagkakaiba sa mga komersyal na kaugalian o mga legal na sistema sa pagitan ng mga bansa, tumataas ang panganib ng mga opisyal, empleyado, o kumpanya na pinaghihinalaang gumawa ng mga krimen nang hindi inaasahan, at sa makatuwid mabibigat na multa at parusa ang ipinapataw sa kanila.
Lalo na kapag nagsasagawa ng mga transaksyon sa ibang bansa, samakatuwid dapat na gumawa ng pag-iingat na huwag lumabag sa mga batas ng alinmang kaugnay na bansa.

Maraming bansa ang nagpapalakas ng kanilang mga batas laban sa katiwalian at panunuhol.
Ang mga naturang batas ay nagbabawal sa panunuhol ng mga pulitiko at opisyal ng gobyerno. Gayunpaman, ang kahulugan ng isang "opisyal ng gobyerno" ay pinalawak upang isama ang mga kawani na nagtatrabaho sa mga ospital na kaanib sa isang pampublikong unibersidad, at mga executive ng isang korporasyon na may pinansyal na suporta mula sa isang pamahalaan dahil itinuturing sila bilang mga empleyado ng gobyerno.
Sa ilang mga bansa, ipinagbabawal ang panunuhol hindi lamang sa mga nagtatrabaho sa mga pampublikong institusyon, kundi pati na rin sa mga nagtatrabaho sa mga pribadong negosyo. Sa ilang mga kaso, kahit na ang mga gantimpala para sa mga aktibidad sa negosyo sa anyo ng mga rebates ay pinagbabawal bilang suhol. Kung lalabag sa alinman sa mga ito, posibleng maharap ang mga indibidwal sa parusang pagkabilanggo at/o multa, habang ang mga korporasyon ay maaaring kasuhan ng mabigat parusa o malaking multa.
Kahit na ang Nitto Group ay walang direktang nakipag-transaksyon sa gobyerno, kung ang aming itinalagang trading company o ahensya ay nasangkot sa panunuhol sa gobyerno, maaaring magkaroon ang Nitto Group ng pananagutan para sa nasabing paglabag sa batas.



Kung may mapapansin ka na anumang posibleng paglabag sa iyong lugar ng trabaho, mangyaring agad na makipag-ugnay sa iyong nakatataas o sa isang namamahalang departamento.
May posibilidad na mabawasan o tanggalin ang multa o parusang pinansiyal kung ang isang kumpanya ay nagpapakita na ito ay gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang maiwasan ang panunuhol, kung magbibigay ng boluntaryong pahayag ng mga paglabag nito sa mga awtoridad, lubos na makikipagtulungan sa imbestigasyon ng mga awtoridad, at kung magpapatupad sa tamang oras ng naaangkop na mga hakbang sa remediation.




Mga Ugnayang Panlabas 6 -2

# Pangangalaga sa Kompetisyon

**Ang Nitto Group ay susunod sa mga batas ng kompetisyon, mga batas laban sa tiwala ng bawat bansa at rehiyon, at magsasagawa ng mga patas na aktibidad sa negosyo batay sa malayang kompetisyon.**

1. Hindi kami makikipag-ugnayan nang hindi kinakailangan sa aming mga kakumpetensiya sa negosyo. Kapag kinakailangan na gumawa ng gayong mga kasunduan, hindi kami kikilos sa paraang maaaring magdulot ng mga paghinala sa isang kasunduan o isang kartel sa aming mga kakumpitensya.
2. Hindi namin gagawin ang anumang paghihigpit ng mga aktibidad sa negosyo ng aming mga kakumpitensya.
3. Hindi kami gagawa ng anumang mga hakbang na maaaring makahadlang sa patas na kompetisyon kapag kami ay makikipagtransaksyon sa ibang mga kumpanya.





## Mga Paksa

Ipinagbabawal na makipag-usap o makipagkasundo sa mga kakumpitensya sa negosyo tungkol sa mga bagay na tulad ng mga presyo at mga alituntunin ng pagbebenta ng mga produkto at serbisyo, paghihiwalay ng mga customer o mga merkado, dami ng produksyon ng mga produkto, o pakikitungo sa mga partikular na kliyente o customer, mga lihim na impormasyon ng kumpanya, mga yamang-tao, at mga kondisyon ng renumeration.

Hindi dapat pahintulutan na makipag-usap sa mga kakumpitensya sa negosyo kapag nagsusumite ng mga bid sa isang customer o gumawa ng hindi wastong  aktibidad sa anumang iba pang pamamaraan (kabilang ang pagiging kasangkot sa collusive bidding). Hindi lang sa mga pagpupulong ng mga pang-industriyang grupo ka dapat hindi magpabaya sa pag-uusap tungkol sa negosyo, kundi pati na rin sa iyong asawa, kasambahay (kasama sa tahanan), malalapit na kamag-anak, mga matagal nang kaibigan na maaaring kasalukuyang opisyal o empleyado ng mga kalaban sa negosyo o isang customer ng isang kumpanya. Ang mga ganitong aktibidad ay maaaring maging isang ilegal.


Kung lalabag sa alinman sa mga ito, ang mga indibidwal ay maaaring maharap sa pagkakulong at/o mga multa, habang ang mga korporasyon ay maaaring kasuhan ng napakalaking parusa o multa.



# Pinakamainam na Procurement

**Ang Nitto Group ay isasakatuparan ang pagsagawa ng patas na paraan sa pagbili batay sa "Basic Policy on Procurement"**

1. Uunawain namin ang mga pangunahing detalye ng mga batas at regulasyon na nauugnay sa mga aktibidad ng procurement, at tutuparin namin ang mga nauugnay na patakaran sa loob ng kumpanya. Gayundin, sa pamamagitan ng pag-unawa at pagpapatupad ng "Procurement Action Guidelines," hindi kami kikilos na labag sa mga pampamayanan na etika ng negosyo at pamantayan ng lipunan.
2. Sinusuri at pinipili namin nang patas ang mga supplier.
3. Hindi kami gagawa ng hindi makatarungang mga kahilingan sa aming mga supplier.
4. Pinangangasiwaan namin nang tama ang impormasyong may kaugnayan sa mga supplier.








# Kalakalan at Seguridad

**Ang Nitto Group ay susunod sa lahat ng batas na may kaugnayan sa kontrol ng kalakalan sa bawat bansa o rehiyon at hindi nakikibahagi sa anumang pakikitungo sa negosyo na maaaring makapinsala sa internasyonal na kapayapaan at seguridad.**

1. Isinasagawa namin ang mga prosesong pang-customs na naaayon sa lehitimong pamamaraan.
2. Maingat naming pag-iisipan ang mga posibleng panganib at mga pagbabago sa mga regulasyon kapag nag-e-export ng mga produkto tulad ng kalagayan ng mga internasyonal na ugnayan, mga sanction na pang-ekonomiya, ang potensyal na magamit sa mga armas ang aming mga produkto/serbisyo, at iba pang nauugnay sa potensyal na panganib.
3. Upang mapigilan namin na magamit sa mga armas ang aming produkto, kukumpirmahin namin ang end-purpose at end-user sa oras ng pag-export.



Mga Ugnayang Panlabas 6-5

# Paglalahad ng impormasyon

Batay sa "Basic Policy on Disclosure," ang Nitto Group ay maglalahad ng impormasyon mula sa perspektibo ng pagiging napapanahon, pagka-transparent, at pagiging patas.

1. Hindi kami tutugon sa mga katanungan mula sa media o iba pang panlabas na partido ayon lamang sa aming sariling paghahatol.

2. Ilalahad namin ang nilalaman ng impormasyong nauugnay sa aming negosyo sa naaangkop na media sa napapanahong paraan lamang pagkatapos makuha ang pahintulot ng awtorisadong tao.

3. Hindi kami maglalathala sa isang personal na blog o sa social media, anumang pagpapaskil tungkol sa negosyo ng kumpanya, anumang opinyon na maaaring magdulot ng maling pagkaunawa ng publiko o anumang paglahok na labag sa pampublikong kaayusan at mga pamantayan ng pagiging disente.






Mga Alituntunin sa Pamamalakad sa Negosyo ng Nitto Group

Paglathala ng unang edisyon：Agosto 2023
Nag-isyu：Director, Legal and Compliance Division
Vice President　Yasuhiro Hayashi

Nitto

Innovation for Customers

August 2023, Tagalog